

Ang mga Tawag sa FEMA sa Florida ay Maaaring Dumating mula sa Hindi Kilalang Mga Numero ng Telepono

Release Date: Pebrero 27, 2025

TALLAHASSEE, Florida - Maaaring tawagan ng FEMA ang mga Floridian na nag-apply para sa tulong sa sakuna mula sa hindi kilalang mga numero ng telepono. Mahalagang sagutin ang mga tawag na ito. Dapat ibalik ng mga nakaligtas ang anumang hindi nasagot na tawag sa telepono.

Maaaring tawagan ng FEMA ang mga aplikante upang talakayin ang katayuan ng kanilang mga kaso, o upang makakuha ng karagdagang impormasyon upang magpatuloy sa pagpoproseso ng kanilang mga application. Dapat suriin ng mga nakaligtas upang matiyak na ang lahat ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay napapanahon.

Maaaring i-update ng mga may-ari ng bahay at nagrerenta ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa online sa DisasterAssistance.gov, sa pamamagitan ng paggamit ng [FEMA App](#) o sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362**. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi sa Bagyong Milton, bisitahin ang fema.gov/tl/disaster/4834. Para sa Bagyong Helene, bisitahin ang fema.gov/tl/disaster/4828. Para sa Bagyong Debby, bisitahin ang fema.gov/disaster/4806a.gov/disaster/4806. [Sundan ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4](#) o sa Facebook sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 1 of 1